



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-20 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 31 HULYO 2000, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sikel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticón	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Baulista	
Konsehal Mae Arlene M. Talana	
Konsehal Eduardo C. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN DI G. 000
Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG BAYAN JESUS M. DIMAPILIS NA PANGSAMANTALANG IPAGPALIBAN ANG PAGBIBID SA PAGBILI NG WALONG (8) YUNIT NG COMPUTER NA NAKATAKDA NG ISAGAWA SA AGOSTO 14, 2000

- SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagbudget sa pagbili ng walong (8) yunit ng computer para sa mga tanggapan nito kung saan ang pagbibid ay naka-iskedyul sa Agosto 14, 2000,
- SAPAGKAT,** sa isang seminar sa Revenue Mobilization at Financial Management na dinaluhan ng ilang pinuno ng pamahalaang bayan ng Roxas napag-alamang ang tanggapan ng DILG ay naghahandog ng tulong sa information technology sa pamamagitan ng mga software programs na may kinalaman sa mga lokal na pamahalaan upang mai-install ang networking ng ilang tanggapan tulad ng sa Ingatayman, Tagataya, Punong Bayan, MPDC at iba pa para sa data banking;
- SAPAGKAT,** ang paglalagay ng isang software package ay malaki ang mailutulong sa mga tanggapang lokal upang mapabilis, mapaayos at mapagaan ang mga gawain magkakaugnay sa mga tanggapan at ganoon din mapabuti ang serbisyo sa mga mamamayan,

SAPAGKAT, kinakailangang ang mga software programs na naaangkop at lubhang mahalaga sa bawat tanggapan ay maisama sa pag-uusap sa pagbibid upang maisisiguro ang lalong makabubuti sa ating pamahalaan;

SAPAGKAT, napagkaisahan ng Sangguniang Bayan na ang pansamantalang pagpapaliban ng bidding sa computers ay hilingin sa Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis upang ito ay mapag ukulan ng masusing pag-aaral.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kgg. Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis na pansamantalang ipagpaliban ang pagbibid sa pagbili ng walong (8) yunit ng computer na nakatakdang lagawa sa Agosto 14, 2000

IPINASAYA RIN na ipadala ang apli ng kapasyahang ito sa Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis para sa kanyang masusing pag-aaral at pagpapasya

Pinagbibay ng lahat: 31 Hulyo 2000


PINATUTUNAYANG WAGTO:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

pilz/